# HINDI NAGBAGO ANG MISYON

A Lord's Flock General Assembly Topic
Ni: Fr. Jojo Buenafe
Hunyo 24, 2023

Binigyan ni Hesus ng kapangyarihan ang Kanyang mga alagad na humayo at magpahayag ng Mabuting Balita sa lahat ng bansa, binyagan sila at turuang sumunod sa lahat ng Kanyang ipinag-uutos. Ipinangako Niyang lagi Siyang kasama saan man sila magpunta hanggang sa wakas ng panahon (Mt. 28:19-20). Sa pagtugon Niya sa mga balisang alagad, winika Niya "Huwag kayong mabalisa, manalig kayo sa Diyos at sa akin"(Juan 14:1-12). Sa kalaunan, tiniyak Niyang ipadadala Niya ang Banal na Espiritu upang gabayan sila sa pagpapatuloy ng Kanyang misyon sa mundo. Kaya nga, ang Banal na Espiritu ang tagapagtaguyod, katulong at nagbibigay galak na gumagabay sa ating landas patungo sa buhay na inilaan Niya sa atin.

**A. Paano Nagtuturo ang Banal na Espiritu bilang ang Daan, ang Katotohanan at ang Buhay:**

**1.Ang Banal na Espiritu bilang Patnubay.** Ang Espiritu Santo ang gumagabay sa atin sa oras ng ating pangangailangan. Binabago Niya ang ating mga puso at binibigyan Niya tayo ng lakas at pag-asa kapag tayo ay balisa at pinanghihinaan ng loob. Binabago Niya ang ating isip upang pagsisihan din natin ang ating mga kasalanan. Kaya't dapat din nating tanggapin ang iginawad na pagpapatawad ng Diyos pagkatapos ng kumpisal, tulungan natin ang ating sarili na tanggapin ang Kanyang biyaya. Sa pagtulong sa ating sarili natutulungan din natin ang ating kapwa sa pamamagitan ng ating pagpapatotoo, kaya lumalalim ang ating pang-unawa sa ating misyon. Samakatuwid, dapat maging gabay tayo sa ating kapwa, magkaroon ng puso para sa isat-isa habang ginagabayan tayo ng Espiritu Santo, biyaya mula sa Diyos.

**2. Ang Banal na Espiritu bilang Tagapagtaguyod.**

Ang tagapag taguyod ay siyang nakikiusap upang ipagdasal tayo. Kung hindi natin alam kung ano ang ating ipagdarasal at paano tayo magdasal, dumadating Siya at ipinagdarasal Niya tayo sa Diyos. Kaya't misyon nating ipagdasal ang ating pamilya at ang iba upang makamtan natin ang ganap na kagalakan kaisa si Hesukristo.

**3. Ang Banal na Espiritu ay nagbibigay ng Kaginhawaan**

Ang nagbibigay ng kaginhawaan ay nakikiramay, at nagbibigay ng lakas, katatagan at katapangan. At isa, ang Banal na Espiritu ay nagbibigay sigla at lubos na kasiyahan at sigasig. Kaya, maging bukas tayo sa Banal na Espiritu upang makatanggap ng Kanyang banal na pagpapala at para malabanan ang mga tukso. Ang bunga nito, tayo ay magiging "kawal ni Kristo".

**KONKLUSYON:**

Ang Banal na Espiritu, ang Espiritu ng Katotohanan, kumakatawan kay Hesus, gumagawa bilang Siya, at nagtuturo sa atin ng lahat ng bagay. Inaalis Niya ang ating mga gawing masama at pinapalitan Niya ito ng kabutihan upang mabigyan tayo ng lakas upang maging epektibong taga pagpatotoo kay Hesus. Nagsasalita Siya sa ating isipan, binibigyan tayo ng kaisipan; at ginagabayan Niya ang ating puso kung anong sasabihin, gagawin, o iisipin ayon sa kalooban ng Diyos. Kaya ngat, buksan natin ang ating mata at puso sa kalooban ng Diyos.

**PAGNINILAY:**

1. Paano mo gagamitin ang modernong teknolohiya upang maipahayag at makilala ang pangalan ni Hesus?
2. Ano ang dapat mong iwasan, sa panahon ng *social* na pakikipag ugnayan upang makamit ang kabanalan at maka-ugnay sa Banal na Espiritu?

**Isinalin ni:** Sis. Thess P.Sarmiento
**Na-edit ni :** Sis Nida Cruz
**For more teachings, visit our website:**
https://lordsflock.org/teachings/digestss
Tags:#Misyon,# Panalangin#Banal na Espiritu